West
Duwamish
Imbakan ng Tubig-ulan

King County
Wastewater
Treatment

# Isang taon na lang para sa pagsisimula ng konstruksyon ng Pasilidad ng Imbakan ng Tubig-ulan ng West Duwamish

Ngayong taon, nakipag-ugnayan ang King County sa mga negosyo, mga residente, at mga katuwang sa komunidad para sa paghahanda sa konstruksyon. Sisimulan namin ang pagtatayo ng imbakan na tanke sa ilalim ng lupa sa unang bahagi ng 2026. Matatagpuan ito malapit sa interseksyon ng Southwest Michigan Street at Second Avenue Southwest sa South Park. Ang imbakan na tanke ay magsisilbing lalagyan ng tubig ulan at maruming tubig tuwing may malakas na bagyo, para hindi makapasok ang polusyon sa Duwamish River.

*Lokasyon ng pasilidad bago ang konstruksyon (Oktubre 2025)*

*Biswal ng pasilidad kapag natapos na ang konstruksyon*

# Malapit ng magsimula ang konstruksyon!

Ang konstruksyon ng imbakan na tanke ay inaasahang magsisimula sa tagsibol ng 2026. Kapag nagsimula na ang konstruksyon, ito ang maaaring ninyong asahan:

- Mas malakas na ingay at panginginig dulot ng mga sasakyan at kagamitan sa konstruksyon
- Pagpasok at paglabas ng malalaking mga trak at kagamitan sa lugar ng proyekto
- Mga gawain sa West Marginal Way Southwest, Second Avenue Southwest, Southwest Michigan Street, at Highland Park Way Southwest
- Pansamantalang pagsasara ng mga kalsada na may magkokontrol ng trapiko para sa mga sasakyan at bisekleta sa paligid ng lugar ng proyekto
- Pagsasara ng mga bangketa na may alternatibong daanan
- Pagsasagawa ng mga gawain sa araw ng pasok sa pinahihintulutang oras ng trabaho
- Magbibigay ng abiso para sa trabahong gagawin sa gabi, sa katapusan ng linggo, o kung may bagong epekto sa daloy ng trapiko
- Mananatili ang mga daanan para sa mga taong nagbibisekleta, naglalakad, at mga taong nasa paligid ng projekto at sa Duwamish Trail

**Maaaring magbantay sa mga kagamitan at karatula sa lugar, magmaneho ng dahan-dahan para manatiling ligtas at sundin ang direksyon galing sa mga flagger.**

Inaasahang magtatagal ang konstruksyon hanggang kalagitnaan ng 2029. Magbibigay kami ng palagiang balita sa buong panahon ng konstruksyon para sa inyong kaalaman. Abangan ang susunod na anunsyo!




*Iskedyul ng proyekto para sa pagpaplano, disenyo, at konstruksyon*

# Salamat sa inyong mungkahi!

Sa simula ng taong ito, nagsagawa kami ng isang survey para makakuha ng mga puna sa aming mga pagsisikap na panatilihin ang kaalaman ninyo tungkol sa yugto ng disenyo. Nakinig kami sa mga taong nakatira, nagtatrabaho, at naglalakbay sa South Park at Highland Park. Nagtanong din kami sa mga malalapit na mga negosyo para alamin ang pangangailangan nila habang sinasagawa ang konstruksyon. Maraming salamat sa patuloy ninyong pakikilahok at pagtulong sa amin para sa mahusay na pakikipagtulungan natin!

# Pakikitagpo sa inyo sa komunidad

Noong Marso, nakipagtulungan kami sa South Seattle College Georgetwon Campus para sa isang job fair. Itinampok sa job fair ang mga karera sa paglilinis ng tubig at napapanatiling konstruksyon. Mahigit 100 na miyembro ng komunidad ang dumalo sa nasabing kaganapan.

Dumalo din kami sa mga kaganapan at mga pagdiriwang sa komunidad sa South Park at Georgetown. Nagbahagi kami ng mga impormasyon tungkol sa konstruksyon at sinagot ang inyong mga tanong.

*Ang pangkat ng proyekto sa Duwamish Valley Celebration sa Georgetown noong Setyembre 2025.*

## Pakikipagtulungan sa pagpapaunlad ng manggagawa

Nakikipagtulungan kami sa Villa Comunitaria upang itaguyod ang mga oportunidad ng mga manggagawa. Ang Vila Comunitaria ay isang grupo sa South Park na sumusuporta sa pagbubuo ng komunidad. Sama-sama, inuugnay natin ang aming mga pamilya at mag-aaral sa mga internship at mga programa sa pagsasanay sa trabaho.

Alamin pa ang tungkol sa Villa Comunitaria

## May mga tanong?

Makipag-ugnayan sa aming pangkat ng proyekto:

- Email westduwamishproject@kingcounty.gov
- Tumawag sa 206-437-6486

Bisitahin ang website ng proyekto para sa karagdagang impormasyon

May libreng serbisyo sa pang-interpretasyon at pagsasalin para sa inyo. Kung kailangan ninyo ang mga ito, maaaring tawagan si Daniel Arauz sa 206-437-6486 o WestDuwamishProject@kingcounty.gov.

**Maaaring Magamit na Alternatibong mga Format: 206-477-5371 o TTY Relay: 711**